

1

“Drake Leviste?”

Nilingon ni Trent ang babaeng nagsalita sa kanyang kanan. The first thing he noticed was that she was tall, next that she was pretty, and last but not the least was the fact that she was annoyed. She was standing with her arms folded across her chest, staring at him with a blank expression on her face. Maikli na parang panlalaki ang gupit ng babae, pero hindi niyon naitago ang ganda ng mukha nito.

“Yes?”

“Your grandpa sent me to fetch you,” she impassively said. “I’m Samantha Alcantara. I’ll drive you to your grandpa’s house.” Tumalikod ito at humakbang palayo sa mesa pero mabilis niyang nahagilap ang braso nito.

“Wait, Samantha? As in Sammy?”

“It’s Sam,” angal nito, tila nadagdagan ang inis.

Hindi niya napigilan ang mapangiti. Dumaloy sa kanyang isipan ang hitsura ng isang batang babae na marungis at nakasimangot.

“I’m Trent, hindi mo ba ’ko naalala? We used to play together when we were kids!”

Forbidden - Dior Madrigal

“I know you’re Trent. Tinawag kitang Trent Leviste kanina, di ba?”

Hindi niya napigilan ang pagtawa. She sure hadn’t changed much. She was still grumpy. Naalala niya, ito ang paboritong asarin ng pinsan niyang si Kurt noon dahil madali itong magalit at magwala. Para silang nagpapahabol sa galit na aso noon kapag hinahabol sila nito sa inis. Natagpuan niyang lumuwang ang kanyang ngiti. Kahit noong mga teenager na sila ay magaslaw pa rin ito—someone familiar in this now unfamiliar country he used to call home.

Bahagya pa ring nakangiti, tumayo siya at nag-iwan ng tip sa loob ng guest check holder.

“Bakit ikaw ang pinadala ni Lolo?”

Matabang itong ngumiti habang naglalakad sila patungo sa exit ng Japanese restaurant kung saan siya nagtanghalian.

“He said you might want to have someone familiar around you.”

Tinanguan sila ng guard ng restaurant nang makalabas sila. Sinundan niya si Samantha papunta sa nakaparkeng Benz.

“I told him I’d be fine, di ko kailangan ng sundo.” Binuksan niya ang passenger seat matapos nitong i-unlock ang mga pinto ng kotse. Pumasok na siya sa loob.

“Yeah, pero matapos mong maligaw nang limang beses, na-

Forbidden - Dior Madrigal

realize namin na mas mabilis siguro kung sunduin ka na lang.” Hinila nito pasara ang pinto.

He could not help noticing how she moved with careless fluidity that was downright sensual and sexy.

And she wasn’t even trying.

Ipinilig niya ang ulo at kumunot siya. He really did not need this attraction right now. Ibinaling niya ang titig sa labas ng bintana ng kotse.

“I was out of the country for more than thirteen years, what did you expect? ’Andami nang nagbago.”

“It would have been easier if you got on a cab and gave the driver the address.” Binuhay nito ang makina ng kotse at minaniobra iyong palabas ng parking space.

“I did that, pero naligaw rin lang ’yung taxi. The driver’s a newbie.”

“Excuses, excuses,” ngisi nito. Napasimangot siya. Tumawa si Sam, nanatiling nakangiti. “Anyway, kaya nga ’andito na ’ko.”

Hindi niya ito sinagot, natuon na ang pansiñ niya sa mga gusaling dinadaanan nila. Nasa Araneta, Cubao sila. Maliban sa *Shangri-La*, sa Cubao sila madalas mag-shopping noon ng mga magulang niya kapag nasa Manila sila. May malaking carnival dati noon sa tapat ng *Araneta Coliseum*, may *A&W* branch sa isang kanto. Pero hindi na niya makita ang mga iyon ngayon.

Forbidden - Dior Madrigal

“Wala na ba ’yung Chinese resto sa gilid ng dating *Fiesta Carnival?*” tanong niya. Favorite ng mama niya ang siopao sa lugar na iyon.

“Dating carnival? Ah, ’yung *Shopwise* na ngayon?”

Nilingon niya si Sam. Kaswal ang ekspresyon nito habang nagmamaneho. Mula sa kanyang kinauupuan, may magandang anggulo siya ng mukha nito. She was undeniably pretty. Mahirap balewalain ang katotohanang iyon.

She had a very strong jaw, almost masculine, but her soft full lips offset the severity of her jawline. She had high chiseled cheekbones too, but her nose was straight and petite. Her eyes had a cynical no-nonsense glint in them, her long lashes thick and dark. Sigurado siyang magmumukhang tomboy ang ibang babae kapag ginaya ang gupit ni Samantha pero sensual ang epekto ng hairstyle dito. Napatitig siya sa mapupulang mga labi ng babae at napakunot siya.

Too sensual.

Iniwas niya ang tingin. “*Shopwise?* ”Yung mahabang parang mall?”

“Hindi mo nakita ’yung malaking pangalan sa harapan?”

Muli tumitig siya sa labas. “May nakalagay ba? I didn’t see it.”

“Ang laki-laki n’ung *Shopwise* na nakalagay, hindi mo

napansin?”

“Hmm, wala na ba ’yung *Hen Lin* ngayon? O nilipat lang?”
aniya, tumingin dito.

“I’m not sure kung aling *Hen Lin* tinutukoy mo.”

Tumango siya at muling tumitig sa labas. Nanatili silang tahimik habang nagbibuyahe.

Natagpuan niya ang sariling hinahanap ang mga lumang gusali at tanawin na kilala niya. Pero hindi niya nakita. Isang mabigat na pakiramdam ang dumagan sa kanyang dibdib habang mabilis na dumadaan ang kotse sa kalsada patungo sa bahay ng kanyang abuelo.

“Trent,” pormal na bati ni Gustavo nang tumapak siya sa veranda. Nakaupo ito sa isang daybed at may nakatabing na manipis na balabal sa mga binti nito.

Ngumiti siya rito. Masaya siyang makitang mukhang malusog ito. Na-stroke ito tatlong buwan lang ang nakakaraan pero kita niyang nakabawi na kahit paano ang matandang Leviste.

“Lolo.” Tinanguan niya ito.

Tinanguan nito ang babaeng katabi niya at nakita niyang tumango rin si Samantha. She then walked toward the opposite hallway leading to the stairs. He found himself staring at her tight

Forbidden - Dior Madrigal

ass. She wore tight denim jeans that hugged her ass like a second skin. The material also made her long legs look even longer. Isa pa iyon sa mga dahilan kaya imposibleng magmukhang tomboy ito sa kabilang gupit.

“Have a seat.” Pinukaw ng lolo niya ang kanyang pag-iisip.

Lihim siyang napailing sa sarili. He seriously needed to stop checking Sammy out. Umupo siya sa isang silya sa harap ng abuelo.

“Kumusta ang biyahe?”

“It was okay,” ngiti niya habang ginagawang komportable ang sarili sa upuan.

“How is your father?”

Agad nawala ang lahat ng komportableng pakiramdam niya. Tumiim-bagang siya at iniwas ang tingin dito.

“You’re still not talking to him?” Walang pasakalye ang tono ng lolo niya.

“No.”

Bumuntong-hininga ang kausap at akala niya ay patuloy siya nitong tatanungin tungkol sa ama.

“Magtatagal ka ba dito sa Pilipinas?” sa halip ay tanong nito.

Lumuwang nang kaunti ang kanyang paghinga. He was

Forbidden - Dior Madrigal

thankful his lolo took the hint that he did not want to talk about his father. Ayaw niyang makipagtalo rito lalo't kakikita pa lang nila matapos ang mahabang panahon.

“Yes, I should have come back sooner. I belong here. I plan to stay here for good.”

“Pupunta ka ng Vigan?”

Itinaas niya muli ang tingin dito. Hindi niya maiwasang isipin kung alam ba nito kung ano ang isa sa mga dahilan kung bakit siya bumalik ng Pilipinas.

“Yes.”

“To look for rare coins?”

Tumango siya. “Yes. My mother’s an avid coin collector, if you remember. I guess I inherited her hobby.”

“You started when you were seventeen.”

Tumango ulit siya. Nagsimula siyang mangolekta niyon nang mamatay ang kanyang ina. Tumitig sa mga halaman sa gilid ng veranda ang matanda.

“Can you do me a favor then?”

May kung ano sa pagsambit nito ng salita na nagpakunot sa kanya. Unlike his cousin Brandon, hindi siya close sa abuelo. Lumaki siya sa Pangasinan kasama ang mga magulang niya mula pagkabata hanggang sa mag-seventeen siya. Nakikita lamang niya

Forbidden - Dior Madrigal

ang kanyang lolo noon tuwing Pasko, summer vacation, kapag may reunion o kaya naman ay birthday nito, at pag lumuluwas sila ng mga magulang niya sa Maynila.

Nang mag-migrate sila sa States nang magkasakit ang mama niya, hindi niya nakita ang matanda nang halos labing-tatlong taon. He was too busy working his ass off to go home to the Philippines. Ngayong nakaipon na siya at kaya na niyang magtayo ng sariling architectural firm sa bansa, saka lang siya nagpasyang umuwi. Needless to say, he knew very little about his grandfather.

Pero sa kakaunting alam niya rito, batid niyang mataas at matatag ang personalidad nito. Halata niyang hindi normal ang tono ng boses ng matanda ngayon. It sounded too vulnerable, too sad.

“Kung kaya ko, why not?” seryoso niyang sagot.

Nanatiling malungkot na nakatitig ito sa kawalan. He seemed to be seeing something else there. Sandali nitong ipinikit ang mga mata at ibinalik ang tingin sa kanya.

“I’m searching for someone and I want to ask you to verify some information the detectives gave me.” Inabot nito ang isang folder na nakapatong sa mesa sa tabi nito at ibinigay sa kanya.

“Read the reports. I want you to verify if...” Bumadha ang sakit sa mukha ng matanda at agad siyang napatayo para lapitan ito.

Forbidden - Dior Madrigal

“Grandpa, ‘you okay?’” Malungkot itong ngumiti para payapain siya. “I’m okay. The reports, read them. ’Yung huling page, I want you to verify whether those statements are true or not.”

Nanatili siyang nakatitig dito, puno ng pag-aalala at pagtataka ang mga mata. Ibinaling niya ang tingin sa folder.

“It’s not that I’m complaining or anything, but why me?” Ibinalik niya ang titig sa matanda. “This is obviously important. I would have thought you’d ask Brandon to do this.”

Lumaki ang pinsan niyang iyon sa poder ng abuelo at ito ang pinakakanang kamay ng Leviste patriarch. Siya sa kabilang banda ay may labintatlong taon nang hindi ito nakikita.

Bumuntong-hininga ang kausap at napaismid. “I did. Sa kanya ko unang pinagawa ang paghahanap. Sa mga detectives din na inupahan niya galing ang mga report na ‘yan. May nakilala siyang kakilala ng taong pinapahanap ko. He backed out from the rest of the deal but he still tried to look for Aurora.” Sa unang pagkakataon ay binanggit nito ang pangalan ng taong hinahanap nito.

“He got a diary and pictures and the clues led him to Vigan. The people who knew Aurora there told the detectives that she... that she and her family died in a shipwreck.” His grandpa’s voice cracked.

Maang siyang napatitig sa matanda. Halos hindi niya

Forbidden - Dior Madrigal

makilala ang lalaki sa kanyang harapan. The strong and powerful Gustavo Leviste he knew since he was a kid was gone. In front of him now was a broken man who had so many regrets and guilt in his life.

Pumikit ito at tila pinilit ang sariling kontrolin ang mga emosyon. “I want you to verify those statements.”

Napalunok siya at muling napatitig sa folder. “You’re looking for a woman?”

His grandfather’s voice was pained. “Yes.”

Tumango siya. Hindi na niya kailangan ng maraming paliwanag. Hindi siya malapit sa abuelo, pero alam nila sa pamilya na may ibang mahal ang kanyang lolo noon pa man. How could they not? It was very obvious.

His grandfather respected his grandmother but it was painfully clear that he loved somebody else. Gustavo might be looking at their lola then but it was apparent that he did not see her.

Muli siyang lumunok para pawiin ang bikig na namuo sa kanyang lalamunan. “What’s her full name?”

“Aurora Esteban.”

“Gusto mong personal kong tanungin ulit ’yung mga taong nakakakilala sa kanya tungkol sa nangyari sa kanya?”

Forbidden - Dior Madrigal

Pumikit ito at tumango. “Yes.”

“Kung sakaling mali ang report at posibleng buhay pa siya at ang pamilya niya, what do you want me to do?”

Muling tumitig ang abuelo sa mga halaman sa gilid ng veranda at muling namayani ang matinding lungkot sa mga mata nito.

“Give her my letters. I want you to give her my letters.”

Love letters? Tatawa ba siya? His lolo wrote love letters? At gusto nitong hanapin ang taong sinulatan nito para iabot ang mga iyon? What the...?

Pero sino siya para humusga? To love someone so much you could not move on, alam niya kung ano ang pakiramdam noon.

Muli ang pagskip ng lalamunan niya nang dumaan sa alaala niya ang imahe ng isang dalagang may mahabang buhok at maamong mga mata.

“Just ask them personally, that’s all I really want to know. I need confirmation. I can’t ask anybody else. Kilala mo naman ang ibang pinsan mo.”

Itinaas niya ang titig sa kausap at hinayaan ang sariling ngumiti nang kaunti. Hindi siya sigurado kung sang-ayon siya sa kanyang lolo.

Maloko ang pinsang si Kurt at itinuturing na black sheep

Forbidden - Dior Madrigal

ng pamilya si Aslan, pero tingin niya ay hindi naman masama ang mga ito.

“I’ll do it, Vigan din naman ang destination ko..”

Tumango ang kausap at kita niyang tila pagod na ito.

“You look tired, Lolo, I think you should rest.” Tumayo siya mula sa silya, hawak ang folder.

Muling tumango ang abuelo. “Sige, pakitawag na lang ’yung nurse. Dito ka ba maghahapunan?”

“Yes, I’ll stay here for the night as well.”

“Okay ba ’yung nakuha mong apartment?”

“It’s nothing fancy but it’s comfortable.”

Tumango ulit ito. “It’s good to have you back, Trent.”

Hinayaan niya ang sariling ngumiti. “Yes, I’m glad to be back.”

“Ask Samantha to tour you around. Mahirap na, baka maligaw ka ulit.”

Napangiwi siya roon. Gusto sana niyang tumanggi pero alam niyang mas makabubuti talaga kung may kasama siya.

“I’ll ask her.”

“Kung wala siya sa gym room nasa pool ’yon ngayon. She’s

Forbidden - Dior Madrigal

training for a triathlon.”

Hindi niya mapigilan ang mapahanga. “She is?”

“Yes, that child has always been an overachiever. Nagsimula siya ng sarili niyang business n’ung twenty lang siya. Did she tell you?”

Nakangiting umiling si Trent. “Ano’ng business?”

“Ink refilling station, she has thirty branches now all over the metro. Ang lakas pala ng kita d’yan. May auto mechanic shop din siya.”

Hindi niya mapigilan ang paglapad ng kanyang ngiti. An auto shop, huh? She was an overachiever, all right.

“Grandma would be proud of her,” nakangiti niyang sambit.

Dalawang taon pa lang noon si Sam nang kupkupin ito ni Lucille Leviste. Anak ito ng matagal nang katiwala sa resort ng pamilya. Nang mamatay sa isang plane crash ang mga magulang ni Samantha, itinuring na ito ng abuela na sariling apo. Walang malapit na kamag-anak ang dalaga. She was never legally adopted but she’d always been treated as family.

Tumango ang abuelo pero hindi nagkomento. He took it as his cue to leave.

“See you later, Grandpa.”